Phil Ting:
Isang Buod para sa Tagumpay sa Opisina ng Assessor-Recorder

- Tunay Na Esperyensiya Sa Pagsagawa Ng Kumplikadong Paghalaga Ng Lupa
- Mapatunayang Rekord ng Pagpabuti at Pagreporma sa Burokrasya
- Pangungunang May Dedikasyon Sa Pagsilbi ng Iba't-Ibang Komunidad

Si Mayor Gavin Newsom ay pinili si Phil Ting bilang Assessor-Recorder dahil panahon na upang umalis sa ibayo ng politika at ilagay itong mahalagang opisina na ito sa ilalim ng kamay ng isang propesyonal. Dinadala ni Phil Ting ang kaniyang karanasan sa real estate at sa pagreporma ng mga organisasyon , at ang kaniyang liderato sa komunidad para magrtrabaho itong opisina na ito para sa atin. Ngayon pa lang nagtatrabaho na siya upang masegurado na bawat dolar na utang sa taong-bayan ng San Francisco ay nakokolekta ng marapat at mabilis.

Tunay Na Esperyensiya Bilang Real Estate Appraiser

Sinimulan ni Phil ang kaniyang karera bilang real estate financial advisor at ngayon mayroon na siyang mahigit sa limang taong praktiko at tunay na esperyensiya sa pamamahala ng pera at paghalaga ng lupa. Bilang Senior Consultant sa Arthur Andersen, pinahalagahan ni Phil and iba't ibang ari-ariang lupa gaya ng mga gusali na apartamento, bahay, espasyo sa opisina, at mga otel. Nagukol siya ng di-mabilang na oras sa labas sa pagtantiya at paghahalaga ng lupa.

Ang Mga Kagamitan Upang Ireporma at Pagbutihin ang Opisina Ng Assessor

Si Phil ay manlulutas ng problema – at nasa kaniya ang kakayahan at esperyensiya para itong opisina na ito ay magtrabaho para sa atin.

Nagbigay-payo si Phil sa ahensiya ng gobyerno at mga korporasyon kung paano dagdagan ang kakayahang gumawa ukol sa pananalapi at lalong makiayon sa mga kliente at mga tagataguyod. Tumulong siya sa pagkilala ng mga pagkakataong makatipid, pinahalagahan ang mga importanteng proseso ng organisasyon, at pinagbuti ang operasyon para sa estado ng California, Applied Materials, Sun Microsystems, at iba-iba pang mga kompaniya na may ugnay sa teknolohiya na mga kompaniya sa Fortune 500.

Sa CB Richard Ellis at SSR Realty Advisors, ginamit ni Phil ang kaniyang kaalaman sa pananalapi upang tumulong sa pagseguro at pagrekomenda sa pagbili ng pamumuhuman sa real estate na nagkakahalagang $200 milyon, pagsagawa ng $3 milyon na badyet sa pagpalakad,, at paghayag ng "strategic vision" at mga layunin sa pagganap. Tumulong si Phil sa California Public Employees' Retirement System (CalPERS) at California State Teachers 'Retirement System (CalSTRS) sa kanilang pagbili ng mga tahanan pang maraming pamilya para sa mga retirado na tumatanggap ng pensiyon.

Bilang isang nagtapos sa Kennedy School of Government ng Harvard University, si Phil ay nagsanay at na-eduka sa epektibong paggawa ng polisa, na naka-pocus sa polisa sa pamamamahay at pananalapi. Bilang dating pinuno ng Citizens' 'Committee on Community Development, si Phil ay nagpayo sa opisina ng Mayor at Board of Supervisors sa $25 milyon na Community Development Block Grant na pondo para sa pamamahay at mga ahensiya ng serbisyo pang lipunan sa buong lungsod.

Katarungan Para Sa Bawa't Taga San Francisco

Ang karera ni Phil Ting ay kaniyang inialay sa pagtayo para sa katarungan at pantay na karapatan para sa lahat ng taga California.

Si Phil ay nagsilbi bilang Executive Director ng Asian Law Caucus, na itinayo noong 1972 upang paunlarin at itaguyod ang legal at sibil na karapatan ng komunidad ng Asian Pacific Islander. Si Phil ay namahala sa lahat ng aspekto ng organisasyon, kasama ang paghiling ng pondo at sa pagpamahala ng salapi na $1.1 milyon na badyet bawa't taon, pagbigay ng payo at direksiyon stratehiko sa lahat ng programang legal at lehislatibong pagtangkilik, pamamahala ng tauhan, at relasyon pang publiko.

Na nakapocus sa imigrasyon, trabaho, panirahan, mamimili, darahas laban sa Asiano at mga isyu sa botohan, ang Asian Law Caucus nag-eempleo ng tatlong prong na modelo ng litigasyon at serbisyong legal para sa 1000 na mahigit na kliente: pag-oorganisa sa komunidad, pag-aabot at pagtangkilik ng polisa. Ang Asian Law Caucus ay isang kasapi ng National Asian Pacific American Legal Consortium.

Si Phil ay nagsisilbi din sa kauna-unahang Asian and Pacific Islander American Affairs Commission ng California at nagsilbi din as California Secretary of State's Task Force on Uniform Poll Worker Training Standards at sa San Francisco Building Inspection Commission. Dagdag dito, si Phil ay nag co-chair sa Calfiornia Coalition on Civil Rights, na binubuo ng 48 organisasyon sa buong estado.

Si Phil ay may istorya ng pakipaglaban para maabot ang edukasyon, masmalaking tulong sa pananalapi at mas maraming klase para sa "undergraduates". Dinala ni Phil ang parehong pangako sa kaniyang trabaho sa San Francisco State University bilang Associate Director of Community Relations, kung saan siya nagtrabaho para masegurado na ang universidad ay mas nakikiayon sa pangangailangan ng estudyante at mga maestro. Dagdag dito, inilaban ni Phil makakuha ng pondo para sa mataas na edukasyon pang publiko at SFSU mula sa California State Legislature.

Nakatira si Phil sa Sunset District kasama ang kaniyang asawa, Susan Sun.